



KASANAYAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO NG TEKSTO SA REVISED K to10 KURIKULUM: BATAYANG GABAY SA PAGTUTURO

DOI: 10.5281/zenodo.19464193

MARY ANNE S. YRABON

Mag-aaral, Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0009-0000-4109-8567
anneyrabon@gmail.com

MIRAFLOR I. SALDUA, DALC-FILIPINO (Cand.)

Propesor, Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0000-0002-9067-0184
saldumiraflor@gmail.com

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito na pinamagatang “Kasanayan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Teksto sa Revised Kto10 Kurikulum: Batayang Gabay sa Pagtuturo” ay naglalayong sukatin at ilarawan ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng Tektong nababasa, biswal, at multimodal na teksto sa ilalim ng Revised Kto10 kurikulum. Kwantitatibong disenyo ang pangunahing pamamaraang ginamit sa pananaliksik upang masukat ang kasanayan ng mga guro ng pagtuturo ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 Kurikulum. Ito rin ay sinamahan ng kwalitatibong disenyo bilang pantulong upang lalong mapalalim ang resulta ng pananaliksik. May 40 guro na nagsisilbing tagatugon at sila ay pawang mga guro sa pampublikong paaralang sekondarya ng lungsod ng Dumanjug. Natukalasan sa resulta na may mataas na antas ng kasanayan ang mga guro sa pagpapalano ng aralin, Paggamit ng makabuluhang estratehiya sa pagtuturo, pagsasakonteksto ng mga teksto at pagtataya ng pagkatuto. Sa kabilang banda, lumilitaw din na may mga bahagyang seryoso hanggang sa seryosong suliraning kinahanap ang mga guro sa pagtuturo tulad ng kakulangan sa kagamitang pampagtuturo, limitadong oras na nakalaan para ituro ang kasanayang pagpagkatuto, at kakulangan ng interes ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nagmumungkahi ng rekomendasyon ng pagbibigay ng sapat na suporta sa mga guro kabilang ang kagamitang pampagtuturo at pag-organisa ng mga programang pangpagsasanay. Ito rin ay nagmumungkahing ipagpatuloy ng mga guro ang pagpapalawak ng kanilang kaalaman at pedagohiya sa pagtuturo. Inirekomenda rin na gamitin ang output sa pag-aaral na ito upang lalong mapabuti ang antas ng kasanayan ng bawat guro sa pagtuturo ng teksto sa asignaturang Filipino sa antas sekondarya.

Mga Susing Salita: *Kasanayan, Teksto, Revised Kto10 Kurikulum, Gabay sa Pagtuturo*

Panimula

Pangunahing tuon ng Kagawaran ng Edukasyon ang mabigyan ang bawat kabataang Pilipino nang de-kalidad na Edukasyon. Patuloy na pinag-aaralan ng kagawaran ang pagpapalawig at paglinang ng kurikulum na maging sapat upang ihanda ang mga kabataan upang matamo ang kasanayang nararapat at angkop sa makabagong panahon. Dahil dito, ipinatupad ng Deped ang K to 12 kurikulum sa ilalim ng R.A 10533 (Enhance Basic Education Act of 2013) na naglalayong dagdagan ng dalawang taon ang antas ng sekondarya upang mas maging handa ang mga kabataang nagtapos sa mataas na paaralan sa kolehiyo, trabaho at pagnenegosyo. Ngunit ayon sa Philippines Institute for Development Studies (PIDS), 2020, nakita nila ang mga hamon sa pagtuturo nito tulad ng dami o bilang ng mga kasanayan, paulit ulit na kasanayan at kawalan ng lalim sa mga aralin.

Ito ang dahilan ng pagkakaroon ng rebisyon o pagbabago sa K-12 kurikulum. Sa pagbabago ng kurikulum, nababawasan ang bilang ng Kasanayang Pampagkatuto. Ang dating 2378 na kasanayang nakasaad sa 2016 Gabay ng Pampagkatuto, ngayon sa binagong kurikulum ay 588 na lamang. Ang dating walong (8) subdomeyn o ang mas tiyak na kasanayan; Pag-unawa sa Napakinggagan, Pag-unawa sa Binasa, Paglinang ng Talasalitaan, Panonood, Pagsasalita, Pagsulat, Wika at Gramatika at Estratehiya sa Pag-aaral ay naging tatlo (3) na lamang; Una, Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat; Pangalawa Pag-unawa at Pagsusuri sa Tekstong Biswal; at Pangatlo, Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal. Nagiging paksa ng mga tekstong nababasa ang mga panitikan ng Pilipinas sa iba’t ibang panahon at mga obra maestrang likas ng mga Pilipino, katulad ng Ibong Adarna sa Ikapitong baiting, Florante at Laura sa Ikawalong Baitang, Noli Me Tangere sa Ikasiyam na baitang at El Filibusterismo sa Ikasampung baiting. Lahat ng obra na nabanggit ay ituturo sa ikaapat na markahan maliban sa El Filibusterismo na ituturo sa unang markahan.

Dahil sa mga pagbabagong ito, naging hamon ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo lalo na sa pagtuturo ng mga iba’t ibang teksto sa asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Ayon kina Cabansag at Ocampo (2020), ang kasanayan ng guro sa paggamit ng makabuluhang estratehiya ay may malinaw na impluwensiya sa pag-unawa at pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan at multimodal. Sa pag-aaral naman nina Castro, Tarrayo, at Tupas (2019), binigyang-diin ang kahalagahan ng sapat na kaalamang pedagohikal at kaalamang pangnilalaman upang mabisang maituro ang mga tekstong biswal at multimodal sa kontekstong Filipino. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na kailangan ng tuluy-tuloy na pagsasanay ang mga guro upang mas mahusay na maipatupad ang bagong balangkas ng kurikulum.

Gayunpaman, bagama’t may mga opisyal na dokumento ukol sa pagbabagong dala ng Revised Kto10 kurikulum, kakaunti pa lamang ang mga empirikal na pananaliksik na sumusukat sa aktwal na antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng tekstong pampanitikan, Biswal at multimodal sa ilalim ng bagong balangkas. Bukod dito, hindi pa rin gaano napag-aaralan kung paano nakakaapekto ang pagbawas mula sa walong (8) subdomeyn tungo sa tatlo (3) sa mismong kasanayan at estratehiya ng mga guro. Walang sapat na datos kung aling bahagi rito ang mas may hamon para sa mga guro, kung kaya’t nananatiling bukas na tanong kung anong aspeto ng pagtuturo ng mga teksto sa bagong balangkas ang nangangailangan ng higit na suporta.



Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang kasanayan ng mga guro sa Filipino na magturo ng iba't ibang teksto sa ilalim ng Revised Kto10 kurikulum gamit ang kwantitatibong at kwalitatibong pamamaraan. Inaasahang maging makabuluhan ang pag-aaral na ito upang mabigyang-gabay ang mga tagapagpatupad ng kurikulum, at mga tagapagsanay ng guro upang mapaunlad ang pagtuturo sa asignaturang Filipino at matukoy ang mga pangangailangang pang-akademiko at mabigyan ng mga teknikal na suporta ang mga guro kung kinakailangan.


Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat inaasahang makatutulong ito sa pagpapaunlad ng mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng iba't ibang uri ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 Kurikulum. Sa pagsusuri sa antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto, layunin nitong mabigyang-linaw ang mahahalagang datos hinggil sa kanilang kahusayan, kahandaan, at mga pangangailangan sa pagtuturo ng mga tekstong nababasa, tekstong biswal, at tekstong multimodal. Makatutulong ang kinalabasan ng pag-aaral na ito hindi lamang sa mga guro kundi maging sa mga mag-aaral, tagapamahala ng paaralan, at iba pang sektor sa edukasyon. Para sa mga guro, magsisilbi itong gabay upang matukoy ang kanilang lakas, kakulangan, at kahinaan sa pedagogikal na kaalaman at makapagdisenyo ng mas epektibong estratehiya at kagamitang panturo. Para sa mga mag-aaral, direktang mapabubuti ang kalidad ng pagtuturo na kanilang natatanggap mula sa mga gurong may sapat na kasanayan. Ang mga tagapamahala ng paaralan at ang Kagawaran ng Edukasyon ay makikinabang dito bilang batayan sa pagtukoy ng mga pangangailangang pangpropesional at sa pagbuo ng mga programang makatutulong sa departamento, gayundin sa pagrepaso ng implementasyon ng binagong kurikulum upang higit itong maging angkop sa pangkalahatang layunin ng DepEd. Ang mga tagapagsanay ng guro ay maaaring gumamit ng resulta bilang gabay sa pagdisenyo ng mga seminar, workshop, at pagsasanay para sa pagpapabuti ng pagtuturo ng iba't ibang teksto. Maging ang mga tagagawa ng polisiya ay maaari ring gumamit ng kinalabasan ng pag-aaral upang mapaunlad ang kurikulum at makapagpanukala ng mga programang lalong makapagpapadali at magpapahusay sa pagtuturo ng teksto sa asignaturang Filipino. Sa huli, magsisilbi rin itong mahalagang sanggunian ng mga susunod pang mananaliksik na nagnanais na palawakin ang pag-aaral hinggil sa antas ng kasanayan ng mga guro sa kanilang gampaning pang-akademiko.

Batayang Teoretikal

Ang pag-aaral na ito ay nakasalig sa ilang mga teoryang pang-edukasyon na nagpapaliwanag sa proseso nga pagtuturo at pagkatuto ng iba't ibang tekstong nakalatag sa ilalim sa Kto10 kurikulum.

Unang pinagbabatayan ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay ang *Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK)* na balangkas nina Koehler et al (2018). Binibigyang diin sa teoryang ito ang kahalagahan ng integrasyon ng tatlong mahalagang kaalaman: kaalaman sa nilalaman, kaalaman sa pedagohiya, at kaalaman sa teknolohiya upang maging epektibo ang pagtuturo. Ayong kina Koehler et al (2018), hindi sapat na dalubhasa ang guro sa paksa o sa aralin lamang, kailangan din niyang malaman ang angkop na pamamaraan kung paano epektibong maituro at ang angkop na teknolohiyang makatutulong upang maging mabisa ang pagtuturo. Sa pagtuturo ng tekstong nababasa, biswal at multimodal, mas may lamang ang mga gurong may kasanayan sa paggamit ng digital na plataporma sa paghahatid ng nilalaman sa aralin sa tulong ng mga angkop na pedagohiya. Sa ganitong paraan nagiging mas interaktibo, makabuluhan at akma sa digital na henerasyon ang proseso ng pagkatuto.

Figure 1
Konseptuwal na Balangkas





Ikalawa, nakaangkla rin ang pag-aaral na ito sa *Socially Shared Regulation of Learning* (SSRL) na teorya nina Hadwin et al. (2018). Sa teoryang ito, binibigyang diin ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng guro at ng mag-aaral upang maisulong ang mas malalim na pagkatuto. Kinikilala ang mahalagang papel ng guro bilang tagagabay sa kooperatibong pag-unawa, pagbabahagi ng interpretasyon at kolaboratibong paggawa ng kahulugan ng aralin. Sa ganitong konteksto, lalong pinagdidinaan ang kahalagahan ng kasanayan ng guro sa paggamit ng interaktibo at kontekstwal na estratehiya ng pagtuturo. Dahil dito, malalantad ang multi dimensyunal na papel na guro bilang tagapagpadali ng kolektibong pagkatuto at bilang eksperto sa pagtuturo ng mga tekstong angkop sa kasalukuyang panahon.

Ikatlong teorya na gagamitin bilang batayan sa pag-aaral na ito ay ang *Multimodal Literacy Theory* nina Serafini at Reid (2019). Binibigyang diin sa teoryang ito na sa panahon ng makabagong midya, ang teksto ay hindi lamang limitado sa nasusulat kundi sinasamahan na rin ito ng imahe, tunog, galaw, at iba't ibang midya. Ayon kina Serafini at Reid (2019), mahalagang matutunan ng mga guro ang tamang paraan ng pagtuturo sa mga tekstong multimodal upang matulungan ang mga mag-aaral na maging kritikal na tagabasa at tagalikha ng makabagong anyo ng teksto. Ang kasanayan ng guro sa paggabay sa pagbasa, pagsuri at pagtuturo ng ganitong teksto ay sentro sa layunin ng pag-aaral na ito.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masukat at mailarawan ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng mga tekstong pampanitikan, Tekstong Biswal at Tekstong Multimodal sa ilalim ng Revised Kto10 kurikulum sa paaralang sekondarya sa Distrito ng Dumanjug, sa taong 2025-2026.

Tinitiyak ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga katanungang;

1. Ano ang profayl ng mga guro batay sa;
 - 1.1 Edad;
 - 1.2 Kasarian
 - 1.3 Antas na Natapos
 - 1.4 Bilang ng Taon sa Pagtuturo
 - 1.5 Posisyon na Hinahawakan
 - 1.6 Baitang na Tinuturuan
 - 1.7 Seminar na Dinaluhan
2. Ano ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto (Tekstong Pampanitikan, Tekstong Biswal, Tekstong Multimodal) sa Revised Kto10 kurikulum batay sa sumusunod na aspekto:
 - 2.1 Pagpapalano ng Aralin
 - 2.2 Gamit ng makabuluhang estratehiya sa pagtuturo
 - 2.3 Pagsasakonteksto ng mga teksto
 - 2.4 Pagtataya ng Pagkatuto
3. Ano ang antas ng kaseryosohan ng mga suliranin ng kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 kurikulum batay sa mga sumusunod na aspekto:
 - 3.1 Kaalaman sa nilalaman ng kurikulum
 - 3.2 Kakulangan ng kagamitang pampagtuturo
 - 3.3 Kakulangan sa pagsasanay o seminar
 - 3.4 Limitadong oras sa pagtuturo ng teksto
 - 3.5 Mababa o kulang sa Interes nga mga Mag-aaral
 - 3.6 Suporta mula sa pamunuan o kagawaran
4. May kaugnayan ba sa antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto sa Revised Kto10 kurikulum batay sa mga sumusunod na aspekto:
 - 4.1 Edad
 - 4.2 Kasarian
 - 4.3 Edukasyon
 - 4.4 Karanasan
 - 4.5 Posisyong Hinahawakan
5. May kaugnayan ba ang antas ng kaseryosohan ng mga suliranin sa pagtuturo ng teksto ng mga guro batay sa ;
 - 5.1 Pagplano
 - 5.2 Pag-estratehiya
 - 5.3 Pagkonteksto
 - 5.4 Pagtataya
6. Ano- anong mga hamon ang napagdaanan sa pagtuturo ng teksto sa Revised Kto10 kurikulum?
7. Anong klaseng suporta mula sa kagawaran ang ibig na matamo sa pagtuturo sa ilalim ng binagong kurikulum?
8. Batay sa resulta ng pananaliksik, ano ang maimumungkahi ng mananaliksik upang maingat ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 kurikulum?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay ang pamamaraang ginamit sa paglalarawan sa Antas ng Kasanayan ng Mga Guro sa Pagtuturo ng Teksto sa Revised Kto10 Kurikulum. Dito nakapaloob ang dahilan kung bakit ito ang pinili ng mananaliksik. Nakalagay dito ang mga pamamaraan, kagamitan, istadistika na ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng mga impormasyon sa mga respondente.

Diseno ng Pananaliksik

Pangunahing ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong kwantitatibong diseno. Sinukat at inilarawan ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng iba't ibang teksto -Nababasa, Biswal at Multimodal sa ilalim ng Revised Kto10 Kurikulum. Sarbey-Kwestyoner ang ginamit sa pangangalap ng datos. Ayon kay Crewell (2014), ang deskriptibong kwantitatibo na metodo ay naglalayong ilarawan ang kasalukuyang kalagayan



ng grupo sa pamamagitan ng numerikal na datos upang sukatin ang antas, dalas o pananaw ng respondente. Gumamit din ng pamamaraang kwalitatibo sa pamamagitan ng panayam bilang pantulong sa naunang pamamaraan upang lalong mapatibay, at mapalawak ang resulta ng pag-aaral.

Kaligiran ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga pampublikong paaralan sa Lungsod ng Dumanjug. Ito ay ang Dumanjug NHS na matatagpuan sa barangay Li-ong, ang Cogon National High School na nasa barangay Cogon, Hipolito Boquecosa Memorial National High School na nasa barangay Bullugan, Bitoon National Vocational High School na matatagpuan sa barangay Bitoon, Bulak National High School na nasa barangay Bulak at Juancho and Placida Padayao National High School na matatagpuan sa Tubod- Duguan, Dumanjug. Ang mga nabanggit na paaralan ang napili ng mananaliksik bilang tagatugon dahil kinatawan nila ang iba't ibang pampublikong paaralan sa Lungsod ng Dumanjug. Ang pinagsamang bilang ng mga gurong nagturo ng asignaturang Filipino ay sapat upang naisakatuparan ang pag-aaral na ito. Ang kanilang pagkakaiba-iba sa lokasyon at laki ng populasyon ng mag-aaral ay nagbigay ng mas malawak at representatibong datos hinggil sa antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 kurikulum. Sa pamamagitan ng inklusibong pagpili ng mga paaralang ito, mabisang nakuha ang kabuuang pananaw ng mga guro sa iba't ibang konteksto ng pagtuturo sa bayan ng Dumanjug.

Mga Tagatugon

Ang mga tagatugon sa pag-aaral na ito ay mga guro na nagtuturo ng Filipino sa antas sekundarya mula sa anim na paaralan sa Lungsod ng Dumanjug. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling sa pagsasakatuparan sa mga datos na kinailangan ng pag-aaral na ito. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kusang-loob na sumang-ayon at tapat na sumagot sa mga kwestiyoner. May kabuuang 40 na tagatugon ang ginamit sa pag-aaral na ito. May labing tatlong guro mula sa Dumanjug National High School. Apat na guro naman mula sa Cogon National High School. Dalawang guro mula Hipolito Boquecosa Memorial National High School. Labin-apat na guro naman na nagtuturo ng Filipino sa Bitoon National Vocational High School. Apat na guro din ang mga guro mula sa Bulak National High School at tatlong guro naman galing sa Juancho and Placida Memorial National High School. Kukuha din ng tig-iisang guro mula sa bawat paaralan na syang tutugon sa mga bukas na tanong.

Kabilang sa pamantayan ay; 1) ang guro ay nagturo ng pilipino sa sekundarya, 2) may tatlong taon o higit pa na eksperyensa, 3) bukas ang loob na sumali sa pananaliksik at 4) nakapirma ng informed consent.

Instrumentong Gagamitin

Sa pag-aaral na ito, isang sarbey-kwestiyoner ang ginamit ng mananaliksik na maaaring pisikal na kopya o kaya'y digital (google forms). Ito ay upang mailarawan ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto sa Revised Kto10 kurikulum. Inihanda ng mananaliksik ang sarbey-kwestiyoner alinsunod sa *4-point Likert Scale* na binubuo ng tatlong bahagi; una ay ang Demograpikong Datos (edad, kasarian, antas ng tinapos, taon ng karanasan sa pagtuturo, seminar na dinaluhan) at ang ikalawang bahagi ay naglalarawan sa antas ng kasanayan ng guro na sinukat sa Pagpapalano ng Aralin, Paggamit ng Makabuluhang Estratehiya, Pagsasakonteksto ng mga Teksto at Pagtataya sa Pagkatuto, at ang ikatlong bahagi ay tungkol sa antas ng kaseryosuhan ng mga suliranin sa pagtuturo ng teksto na sinukat ang kaalaman ng nilalaman ng kurikulum, kakulangan sa mga kagamitang pagpagtuturo, kakulangan sa mga pagsasanay, limitadong oras sa pagtuturo, mababa o kulang sa interes ng mag-aaral, at suporta sa mga pamunuan. May bukas na tanong sa pagtatapos ng sarbey na malayang tinugunan ng mga kalahok. Sa pamamagitan nito, natutukoy ang mga karagdagan pananaw o mga kaugnay na karanasan ng mga guro at mga pangangailangan sa pagtuturo ng iba't ibang uri ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 kurikulum.

Ang mga tanong sa sarbey at ang ginamit sa panayam ay sariling gawa ng mananaliksik na dumaaan sa gabay ng mga tagasuri upang alamin ang antas ng kasanayan ng guro sa pagtuturo ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 kurikulum. Ang instrumentong ginamit ay dumaaan sa *pilot testing* mula sa mga gurong hindi kasali bilang tagatugon.

Pangangalap ng Datos

Bago ang Pangangalap ng Datos. Bago sinimulan ang pangangalap ng datos, naghanda ang mananaliksik sa mga kakailanganing dokumento at kagamitan, kabilang ang liham na humingi ng pahintulot upang isagawa ang sarbey at iba pang resikito. Simulan ang pagpili ng mananaliksik sa mga paaralang maging bahagi ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng purposive sampling, tinukoy niya ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekundarya bilang tagatugon. Saka, personal na kinausap ang mga punong guro ng napiling paaralan at nagbigay ng liham na pormal na humingi ng permiso sa pagsasagawa ng sarbey sa kanilang paaralan. Pagkatapos, humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Schools Division Superintendent ng Cebu Province at nagsunat rin ng mga kakailanganing dokumento sa UV REC upang makakuha ng hudyat nag pagsisimula ng pangangalap ng datos. Sa huli, nagbigay ang mananaliksik ng paunang paliwanag sa mga tagatugon tungkol sa layunin at saklaw ng pag-aaral at tiniyak na maging konpidensyal ang kanilang mga tugon. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay malayang pinapapili sa pisikal na kopya o digital na bersyon ng sarbey ayon sa kanilang nais.

Habang Nangangalap ng Datos. Habang isinagawa ang pangangalap ng datos, ipinamahagi ng mananaliksik ang sarbey sa napiling guro. Tiniyak niyang maayos ang proseso ng distribusyon. Ipinaliwanag ang bawat bahagi ng sarbey upang matiyak ang kaayusan ng proseso sa pagtugon nito. Para naman sa mga gurong pumili ng digital na paraan, tiniyak ng mananaliksik na tama ang *link* na naibibigay sa mga tagatugon. Muli ding ipinaalala ng mananaliksik ang pagiging konpedensyal ng kanilang tugon at gagamitin lamang ito ayon sa layunin ng pag-aaral.

Pagkatapos Nangalap ng Datos. Pagkatapos ng pangangalap ng datos, inayos ng mananaliksik ang mga talatanungan (pisikal man at digital) at sinusuri ang mga ito kung kompleto o nasagutan ba ang bawat aytem upang tiyak na makuha ang datos na kailangan. Ang mga datos ay kinakategorya at inilatag sa excel o kaya'y google sheets. Pagkatapos, isinailalim sa pagsusuring istatistikal upang makuha ang mga kaukulang resulta. Kasunod nito, sinimulan ang pagsulat ng interpretasyon ng mga natuklasan batay sa layunin ng pananaliksik. Ang lahat ng dokumentong ginamit ay tinago nang may pagsasaalang-alang sa etikal na pamantayan lalo na aspeto ng *privacy at data protection* ng mga tagatugon.



Pagsusuri ng Datos

Ang mga nakalap na datos ay sinusuri gamit ang mga sumusunod na kwantitatibong estadistikang pamamaraan. Ang **Mean at Standard Deviation** upang matukoy ang pangkalahatang antas ng kasanayan ng mga guro. Ang **T-Test at One Way Anova** upang alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan batay sa edad, kasaarian, antas ng tinapos, at taon ng karanasan sa pagtuturo. Samantalang isinalin din sa kwantitatibong anyo sa pamamagitan ng *frequency counts* at *weighted mean* ang mga tanong upang mabatid ang antas ng kaseryusuhan ng mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng teksto (tekstong nababasa, tekstong Biswal at tekstong multimodal) Ang resulta ay inilahad sa pamamagitan ng *descriptive statistics* gaya ng ranggo at porsyento upang malaman ang pinaka-karaniwang suliranin.

Sa bahagi ng mga bukas na tanong, gamit ang Thematic Analysis, isinagawa ang *open coding* sa mga tugon ng mga kalahok, na sinundan ng *axial coding* upang tukuyin ang temang paulit-ulit na lumitaw.

Etikal na Konsiderasyon

Ang pag-aaral ay isinasagawa alinsunod sa mga alituntunin na nakabalangkas sa institusyon ng pananaliksik at ang pag-apruba ay nakuha mula sa Komite ng Pananaliksik at Etika ng University of Visayas, na may sanggunian No. 2025-009 noong ika-14 ng Oktubre 2025. Ang pag-aaral ay kasangkot ng mga respondenteng na nasa tamang edad na kusang-loob na sumagot sa sarbey at sa panayam. Bago makumpleto ang mga talatanungan, ang mga kalahok ay nakatanggap ng isang form na may kaalamang pahintulot na nagdedetalye sa layunin, pamamaraan, panganiib at benepisyo ng pag-aaral, mga hakbang sa pagiging kompidensiyal, kusang lumahok at naglahad ng impormasyon sa pakikipagugnay. Walang mga insentibo sa pananalapi na inaalok para sa pakikilahok. Ang mananaliksik ay nagpahayag ng walang mga salungatan na interes.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Demographic Profile of the Teachers

Ang profile ng mga guro sa Filipino ay may anim na saklaw, edad, kasarian, edukasyon, karanasan, posisyon, antas ng tinuturo at mga pagsasanay na nadaluhan. Nasa Talahanayan 1 ang resulta ng surbey sa 40 mga guro.

Talahanayan 1

Demographic Profile of the Teachers

Variable	Category	Frequency	Percentage
Age	21-30 years old	14	35.0
	31-40 years old	17	42.5
	41-50 years old	7	17.5
	51-above years old	2	5.0
Gender	Male	4	10.0
	Female	36	90.0
Education	Bachelor's Degree (Major sa Filipino)	19	47.5
	Bachelor's Degree (Hindi Major sa Fil.)	8	20.0
	May Units sa Master's Degree	13	32.5
	Master's Degree	0	0.0
	May Units sa Doctorate	0	0.0
Experience	1-3 taon	14	35.0
	4-6 taon	3	7.5
	7-10 taon	11	27.5
	11-15 taon	6	15.0
	16-20 taon	2	5.0
	Higit sa 20 taon	4	10.0
Position	Teacher I	17	42.5
	Teacher II	14	35.0
	Teacher III	9	22.5
	Master Teacher I	0	0.0
Grade Taught	Grade 7	10	25.0
	Grade 8	13	32.5
	Grade 9	15	37.5
	Grade 10	15	37.5
	Senior High School	12	30.0
Training Attended	District-Based Training for Teachers	38	95.0
	Division Training for Teachers	16	40.0
	Regional Training for Teachers	13	32.5
	National Training for Teachers	6	15.0
	Wala pa	2	5.0

Edad. Ipinapakita sa talahanayan na karamihan sa mga respondente ay nasa edad na 31-40 taong gulang na may 17 o 42.5% ng kabuuang bilang. at 5% naman ang 51 taong gulang pataas. Ipinapahiwatig nito na ang karamihan sa mga kalahok sa pag-aaral ay nasa maaga hanggang gitnang



yugto ng kanilang propesyon, na maaaring may sapat nang lakas at kakayahan upang gampanan ang kanilang mga tungkulin sa pagtuturo. Ayon kina Day et al. (2019), ang mga gurong nasa ganitong yugto ng karera ay kadalasang nagtataglay ng mas mataas na antas ng sigla, motibasyon, at propesyonal na kasanayan dahil sa kombinasyon ng karanasan at pisikal na kakayahan.

Kasarian. Makikita sa talahanayan na 36 o 90% ng mga respondente ay babae, samantalang 4 o 10% lamang ang lalaki. Ipinahihiwatig nito na ang propesyon ng pagtuturo sa asignaturang Filipino sa kontekstong ito ay mas pinangingibabawan ng kababaihan, na karaniwang nakikita rin sa larangan ng edukasyon. Ito ay pinatutunayan ng ulat ng UNESCO (2019), mas marami ang kababaihan ang naaakit sa propesyon ng pagtuturo, sa katunayan ito ay matagal nang itinuturing na isang propesyong pinangingibabawan ng kababaihan sa maraming bansa, kabilang ang Pilipinas.

Antas ng Edukasyon. Batay sa datos, 19 o 47.5% ng mga respondente ay may Bachelor's Degree na may major sa Filipino, habang 8 o 20% naman ang may Bachelor's Degree ngunit hindi major sa Filipino., Samantalang wala namang nakapagtapos ng Master's Degree sa mga kalahok. Ipinapakita nito na karamihan sa mga guro ay may kaugnay na akademikong paghahanda sa asignaturang kanilang itinuturo, at may ilan na patuloy na nagpapalawak ng kanilang propesyonal na kaalaman sa pamamagitan ng graduate studies.

Taon ng Karanasan sa Pagtuturo. Makikita sa talahanayan na 35% ng mga respondente ay may 1–3 taong karanasan sa pagtuturo, na siyang may pinakamataas na bilang. Samantala, 7.5% lamang ang may 4–6 taong karanasan, at 5% ang may 16–20 taong karanasan. Ipinahihiwatig nito na ang karamihan sa mga respondente ay relatibong bago pa lamang sa propesyon, bagama't mayroon ding ilang may sapat nang haba ng karanasan sa pagtuturo. Ayon kina Kini at Podolsky (2018), ang mga baguhang guro ay karaniwang may mataas na motibasyon sa paghubog ng kanilang kasanayang pedagohikal, paraan ng pamamahala sa klase, at paglalapat ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo.

Posisyon na Hinahawakan ng mga Respondente. Batay sa datos, karamihan sa mga guro ay nasa Teacher I na posisyon na may 17 o 42.5%, kasunod ang Teacher II na may 14 o 35%, at Teacher III na may 9 o 22.5%. Wala namang nakaposisyon bilang Master Teacher I sa mga respondente. Ipinapakita nito na ang karamihan sa mga kalahok ay nasa mga panimulang ranggo ng kanilang propesyon, na maaaring may implikasyon sa kanilang karanasan at responsibilidad sa pagtuturo.

Antas na Itinuturo. Ipinapakita ng talahanayan na 15 o 37.5% ng mga respondente ang nagtuturo sa Grade 9 at gayundin sa Grade 10. Ipinahihiwatig nito na ang karamihan sa mga respondente ay nagtuturo sa mas mataas na antas ng sekundarya, kung saan inaasahang mas mataas din ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga mag-aaral. Natukalasan din sa pag-aaral na karamihan sa mga guro ay nagtuturo ng mahigit sa isang baitang upang makompleto ang kanilang oras ng pagtuturo sa bawat araw. Ayon kina Ingersoll, Richard M. et al. (2018), ang pagtuturo sa iba't ibang antas ay maaaring magdulot ng dagdag na hamon sa mga guro, lalo na sa paghahanda ng aralin at pamamahala ng oras. Ngunit, maaari rin itong magbigay ng mas malawak na karanasan at kakayahang umangkop sa iba't ibang antas ng pagkatuto.

Mga Pagsasanay na Nadaluhan. Makikita sa talahanayan na karamihan ng respondente (95%) ay nakadalo sa district-based training para sa mga guro. Gayunpaman, mas kaunti ang nakadalo sa division training (40%), regional training (32.5%), at national training (15%), habang 5% naman ang nagsabing wala pa silang nadaluhang pagsasanay sa mga nabanggit na antas. Ipinahihiwatig nito na ang pinakakaraniwang pagkakataon ng propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay sa antas ng distrito, ito ay sa dahilang bawat taon may *In Service Training* na magaganap at kalimitang tumatalakay sa nilalaman at pedagohikal na pangangailangan ng mga guro. Samantalang mas limitado ang pagkakataon na makadalo sa mas mataas na antas ng pagsasanay. Natuklasan sa pananaliksik na ito na ang mga gurong nabigyan ng pagkakataong nakadalo ng mga pambansang pagsasanay ay mga gurong nagtuturo sa mga paaralang naging bahagi ng paunang pagpapatupad ng Revised Kto10 Kurikulum.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang karamihan sa mga respondente ay mga gurong nasa edad na 31–40 taong gulang, karamihan ay babae, at may Bachelor's Degree na may major sa Filipino, habang ang ilan ay nagsisimula nang kumuha ng graduate studies. Karamihan sa kanila ay may 1–3 taong karanasan sa pagtuturo at nasa Teacher I at Teacher II na posisyon, na nagpapakita na marami sa kanila ay nasa maagang yugto ng kanilang propesyonal na karera. Bukod dito, ang karamihan ay nagtuturo sa mataas na antas ng sekundarya, partikular sa Grade 9 at Grade 10. Makikita rin na karamihan ng respondente ay nakadalo sa district-based training, bagama't mas kaunti ang nakadalo sa pansangay, rehiyunal, at pambansang pagsasanay. Ang mga katangiang ito ng mga respondente ay mahalagang isaalang-alang sapagkat maaaring magkaroon ito ng impluwensya sa kanilang pananaw, karanasan, at pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin bilang guro. Ayon kay Aquino (2015), iginigiit niya na ang personal at propesyonal na katangian ng mga guro ay may kaugnayan sa kanilang pananaw at pagganap sa larangan ng pagtuturo.

Antas ng Kasanayan sa Pagtuturo ng Teksto

Ang kasanayan sa pagtuturo ng teksto ay isang mahalagang aspeto sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, lalo na sa asignaturang Filipino. Ito ay tumutukoy sa kakayahan ng guro na mabisang magamit ang iba't ibang estratehiya at pamamaraan upang maipaliwanag, masuri, at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng teksto. Sa pamamagitan ng angkop na kasanayan sa pagtuturo, nagiging mas malinaw at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa nilalaman at mensahe ng teksto. Samakatuwid, mahalagang mapalawak at mapahusay ng mga guro ang kanilang kasanayan sa pagtuturo ng teksto upang mas epektibong matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapahalaga sa mga tekstong kanilang binabasa. Ang talahanayan 2 ay nagbibigay sa mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto.

Talahanayan 2

Antas ng Kasanayan sa Pagtuturo ng Teksto

Indicators	Mean	SD	Description
Pagsasakonteksto Ng Mga Teksto	3.61	0.380	Lubhang Magaling
Paggamit Ng Makabuluhang Estratehiya	3.56	0.343	Lubhang Magaling
Pagtataya Sa Pagtuturo	3.56	0.414	Lubhang Magaling
Pagpapalano Ng Aralin	3.49	0.348	Lubhang Magaling
Average	3.55	0.414	Lubhang Magaling

Legend: 3.26-4.00 – Lubhang Magaling; 2.51-3.25 – Magaling; 1.76-2.50 – Bahagyang Magaling 1.00-1.75 – Hindi Magaling



Sa Pagsasakonteksto ng Mga Teksto, ay may mataas na mga mean score na naglalarawan ng «Lubhang Magaling» na antas ng kakayahan o kasanayan sa pagtuturo. Ang pinakamataas na mean ay 3.61 para sa Pagsasakonteksto ng Mga Teksto, na nangangahulugang mahusay ang abilidad ng mga guro na iugnay ang mga aralin sa konteksto ng buhay o tunay na sitwasyon. Ayon kina Darling-Hammond, Linda et al. (2020), ang kakayahang iugnay ang aralin sa konteksto ng buhay o tunay na sitwasyon ay isang mahalagang aspeto ng epektibong pagtuturo upang lubos na maunawaan ng mag-aaral ang araling tinuturo.

Lubhang magaling din ang mga guro sa Sa Paggamit ng Makabuluhang Estratehiya sa Pagtuturo (mean=3.56, SD=0.343). Binibigyan nila ng pagkakataong makakatanghal ang mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kasanayan sa araling tinuturo. Gumagamit sila ng Question-Formulation-Technique o mga pagtatanong upang maibahagi nila ang kanilang kaalaman. Pinag-uugnay nila ang mga aralin sa mga karanasan ng mag-aaral upang maging makabuluhan at personal ang pag-unawa sa mga tekstong binabasa Hinahikayat nila ang mga mag-aaral sa kolaboratibong gawain tulad ng group work at peer discussion upang mapalalim ang pag-unawa sa nilalaman ng teksto. Nagbibigay din sila ng formative assessment (exit pass, concept map, quick writes) upang masukat ang pag-unawa ng mag-aaral sa bawat aralin sa teksto

Ang datos ay nagpapakita ng kabuuang pagtataya sa apat na batayan ng kalidad ng pagtuturo ng mga guro o mag-aaral bilang batayan ng pagganap. Ipinapakita sa talahanayan na ang mga guro ay lubhang magaling sa pagtataya sa pagtuturo ng teksto. (mean=3.56) Ito ay na nagpapahiwatig na ang mga guro ay may mataas na antas ng kasanayan sa paggamit ng iba't ibang paraan ng pagtataya sa pagtuturo ng teksto, na may positibong implikasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat mas nagiging malinaw, akma, at epektibo ang mga pamamaraang ginagamit sa pagsusuri ng kanilang pag-unawa sa teksto. Nakapagsasagawa sila ng pagtataya na tumutugon sa layunin ng bawat uri ng teksto” na nagpapakita na epektibong nauugnay ng mga guro ang kanilang pagtataya sa layunin ng aralin. Samantala, nagbibigay din sila ng panibagong pagtataya sa mga hindi pumapasa, bagama't nananatili pa rin ito sa mataas na antas ng kasanayan. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na ang mga guro ay mahusay sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtataya, tulad ng paggamit ng rubrics, authentic assessment, formative assessment, at pagbibigay ng feedback, upang masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong tinatalakay.

Ang mga guro ay lubhang magaling sa Pagpapalano ng Aralin, (mean=3.49, .SD=.348) Bilang guro, naintindihan nila ang tunguhin ng aralin alinsunod sa pamtatubay ng pagtuturo sa bawat araw na sila ay nagtuturo. Nagpapalano sila ng aralin na angkop sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Isinasama nila ang paggamit ng ICT o digital tools sa pagpapalano ng aralin. Isinasaalang-alang din nila ang gawaing magpapaunlad sa kasanayang umunawa sa tekstong nasusulat o nababasa, tekstong Biswal at tekstong Multimodal sa buong linggong pagtuturo. Ang pinakamababang mean naman ay 3.49 para sa Pagpapalano ng Aralin, subalit ito ay nananatili pa ring nasa kategoriyang lubhang magaling.

Ang pangkalahatang average na 3.55 (SD = 0.414) ay nagpapahiwatig ng pangkalahatang **lubhang magaling** na kalidad sa mga naobserbahang dimensyon ng pagtuturo, na nagpapakita na ang mga guro ay may mataas na antas ng pagganap pagdating sa estratehiya at proseso ng pagtuturo. Ipinapakita rin nito na ang mga guro ay hindi lamang pisikal na naghahanda ng aralin kundi epektibong nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo, nakakakonteksto ng aralin upang maging makabuluhan sa mga mag-aaral, at sistematikong nagsasagawa ng pagtataya upang masukat ang pagkatuto.

Ang mataas na marka sa lahat ng mga batayan ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay mahusay sa pagpapalano, pagdidisenyo ng makabuluhang estratehiya, pagsasakonteksto ng mga teksto, at pagtataya. Gayunpaman, ang mataas na antas na ito ay hindi dapat ituring na wakas ng propesyonal na pag-unlad. Sa halip, ito ay nagmumungkahi na ang mga paaralan ay dapat magpatuloy sa pagbibigay ng suporta sa mga guro para sa pagpapanatili at pagpapalalim nito sa pamamagitan ng mas maraming professional development workshops, pagbibigay ng tulong teknikal sa pagtuturo, at kolaborasyon. Ayon kina Korthagen at Vasalos (2017) at Darling-Hammond et al. (2019), ang tuloy-tuloy na pag-unlad ng guro ay may direktang positibong epekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang mataas na marka sa pagtataya sa pagtuturo ay nagpapakita na epektibo ang mga guro sa pagsusuri ng pagkatuto at pag-aayos ng aralin batay sa nakuhang resulta ng pagtataya. Ito ay may mahalagang implikasyon sa pagpapalano ng kurikulum at pagtatasa ng pagganap ng mag-aaral. Sinusuportahan ito ng mga pagsusuri nina Heritage (2019) at William & Leahy (2021) na nag-uugnay sa pormatibong pagtataya at pagpapabuti ng kinalabasan ng pagkatuto. Inirerekomenda na ang paaralan ay patuloy na magbigyang halaga sa pagtataya hindi lamang bilang pagtatapos ng aralin kundi bilang bahagi ng pagkatuto.

Antas ng Kaseryosohan ng mga Suliranin sa Pagtuturo ng Teksto

Ang pagtuturo ng teksto ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa paglinang ng kanilang kakayahan sa pag-unawa, pagsusuri, at pagpapahalaga sa iba't ibang uri ng teksto. Gayunpaman, may mga suliraning maaaring maranasan ng mga guro sa prosesong ito na maaaring makaapekto sa pagiging epektibo ng kanilang pagtuturo. Kabilang sa mga suliraning ito ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo, limitadong oras sa pagtuturo, kakulangan sa pagsasanay o seminar, at iba pang mga salik na may kaugnayan sa interes ng mga mag-aaral at suporta mula sa pamunuan. Dahil dito, mahalagang matukoy ang antas ng kaseryosohan ng mga suliraning ito upang higit na maunawaan ang mga hamon na kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng teksto at makapagbibigay ng angkop na mga hakbang o programa upang matugunan ang mga ito.

Table 3
Antas ng Kaseryosohan ng mga Suliranin sa Pagtuturo ng Teksto

Indicators	Mean	SD	Description
A. Kaalaman sa Nilalaman ng Kurikulum	2.44	0.84	Bahagyang Seryoso
B. Kakulangan ng Kagamitang Pampagtuturo	2.57	0.90	Seryoso
C. Kakulangan Sa Pagsasanay O Seminar	2.41	0.98	Bahagyang Seryoso
D. Limitadong Oras sa Pagtuturo Ng Teksto	2.74	1.00	Seryoso
E. Mababa O Kulang na Interes ng Migma Mag-Aaral	2.49	0.83	Bahagyang Seryoso



F. Suporta Mula sa Pamunuan O Kagawaran	2.39	0.96	Bahagyang Seryoso
Average	2.51	0.92	Seryoso

Legend: 3.26-4.00 – Lubhang Seryoso 2.51-3.25 – Seryoso,; 1.76-2.50 – Bahagyang Seryoso 1.00-1.75 – Hindi Seryoso

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng kaseryosohan ng mga suliranin na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto. Batay sa kabuuang resulta, ang average mean na 2.51 at standard deviation na 0.92 ay may deskripsiyong “Seryoso.” Ipinahihwatig nito na sa pangkalahatan, nakararanas ang mga guro ng mga makabuluhang hamon sa pagtuturo ng teksto na maaaring makaapekto sa pagiging epektibo ng kanilang pagtuturo at sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa mga tinukoy na suliranin, ang limitadong oras sa pagtuturo ng teksto ($M = 2.74, SD = 1.00$) ang may pinakamataas na mean at may deskripsiyong “Seryoso.” Ipinapakita nito na ang kakulangan ng oras sa loob ng klase ay isang pangunahing hamon para sa mga guro sa pagtatalakay at pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba’t ibang uri ng teksto. Sa ilalim ng *DepEd Order No. 012, s. 2024* para sa Revised Kto10 Kurikulum, 45 minuto kada araw para sa bawat learning area na itinuturo limang araw sa isang linggo, maaaring hindi ito sapat sa paglinang ng isang kasanayan lalo pa’t may mga mag-aaral na hindi madaling nakakakuha sa konseptong tinuturo. Maaaring nahihirapan ang mga guro na mabigyan ng sapat na oras ang pagpapaliwanag, pagsusuri, at pagtalakay sa mga tekstong binabasa ng mga mag-aaral.

Sumunod naman ang kakulangan ng kagamitang pampagtuturo ($M = 2.57, SD = 0.90$) na may deskripsiyong “Seryoso.” Ipinahihwatig nito na mahalaga ang pagkakaroon ng sapat at angkop na mga kagamitang panturo tulad ng mga babasahin, visual aids, at iba pang instructional materials upang maging mas malinaw at mas makabuluhan ang pagtuturo ng teksto. Ayon kina Gagne, Robert M. at Briggs (2019), ang sapat at angkop na kagamitang pagpagtuturo ay lubhang mahalaga sa epektibong pagtuturo sapagkat nakatutulong ang mga ito sa pagpapaliwanag ng mga komplikadong konsepto at nakapupukaw din ng interes sa mga mag-aaral. Ang kakulangan ng mga kagamitan tulad ng babasahin, kagamitang Biswal, at iba pang kagamitang pampagtuturo ay maaaring makakaimpluwensya sa pagkatuto.

Samantala, ang kaalaman sa nilalaman ng kurikulum ($M = 2.44, SD = 0.84$), kakulangan sa pagsasanay o seminar ($M = 2.41, SD = 0.98$), mababa o kulang na interes ng mga mag-aaral ($M = 2.49, SD = 0.83$), at suporta mula sa pamunuan o kagawaran ($M = 2.39, SD = 0.96$) ay pawang may deskripsiyong “Bahagyang Seryoso.” Ipinahihwatig nito na bagama’t hindi ito ang pinakamataas na suliranin, nananatili pa ring mahalagang salik ang mga ito na nakaapekto sa kalidad ng pagtuturo ng teksto.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang mga guro ay nahaharap sa iba’t ibang hamon sa pagtuturo ng teksto, partikular na sa limitasyon ng oras at kakulangan ng kagamitang pampagtuturo, na parehong may mataas na antas ng kaseryosohan.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig na mahalagang mapalakas ang suporta sa mga guro sa pagtuturo ng teksto, lalo na sa aspeto ng pagbibigay ng sapat na oras, kagamitang pampagtuturo, at mga pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad. Ang kakulangan sa oras ng pagtuturo ay maaaring magpahiwatig ng pangangailangang suriin ang iskedyul ng kurikulum at distribusyon ng mga aralin upang mabigyan ng sapat na panahon ang masusing pagtalakay sa mga teksto.

Bukod dito, mahalaga ring mapalawak ang mga pagsasanay at seminar para sa mga guro, upang higit nilang mapahusay ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng iba’t ibang uri ng teksto. Ang pagbibigay ng sapat na instructional materials at learning resources ay maaari ring makatulong upang mapadali at mapahusay ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa kabilang banda, ang mababang interes ng mga mag-aaral ay nagpapahiwatig ng pangangailangan sa paggamit ng mas makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo, upang higit na mahikayat ang mga mag-aaral na makilahok at maging interesado sa pagbasa at pagsusuri ng mga teksto.

Sinusuportahan ng mga kamakailang pag-aaral ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito tungkol sa mga suliraning nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto. Ayon kina Darling-Hammond, Flook, Cook-Harvey, Barron, at Osher (2020), ang kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo at limitadong oras sa pagtuturo ay maaaring makaapekto sa kalidad ng pagtuturo at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang sapat na instructional resources at maayos na organisasyon ng oras sa pagtuturo ay mahalaga upang mapabuti ang proseso ng pagkatuto.

Gayundin, binigyang-diin nina Kim, Quinn, at Petscher (2021) na ang kakulangan sa pagsasanay at propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay maaaring maging hadlang sa epektibong pagtuturo ng pagbasa at pag-unawa sa teksto. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na ang patuloy na professional development ay mahalaga upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng literasi. Samantala, ayon kina Guthrie, Klauda, at Ho (2022), ang interes ng mga mag-aaral ay may malaking impluwensya sa kanilang pag-unawa sa teksto. Kapag mababa ang interes ng mga mag-aaral sa pagbasa, nagiging mahirap para sa kanila na maunawaan ang nilalaman ng mga teksto. Dahil dito, mahalaga ang paggamit ng mga estratehiyang nakapagpapataas ng motibasyon at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

Bukod dito, ipinapakita sa pag-aaral ng OECD (2023) na ang suporta mula sa pamunuan ng paaralan, sapat na mga kagamitang panturo, at patuloy na pagsasanay ng mga guro ay mahalagang salik upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng literasi. Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga pag-aaral na ang kakulangan sa oras, kagamitang pampagtuturo, pagsasanay, at interes ng mga mag-aaral ay mga mahahalagang salik na maaaring makaapekto sa pagiging epektibo ng pagtuturo ng teksto.

Kaugnayan ng Kasanayan sa Pagtuturo ng Teksto at ang Demographic Profile

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang pagsusuri sa kaugnayan ng kasanayan sa pagtuturo ng teksto at ng demographic profile ng mga respondente gamit ang Chi-square test. Batay sa resulta, lumabas na walang makabuluhang kaugnayan ang kasanayan sa pagtuturo ng teksto sa edad ($\chi^2 = 3.71, p = 0.689$), kasarian ($\chi^2 = 1.48, p = 0.274$), karanasan sa pagtuturo ($\chi^2 = 2.48, p = 0.780$), at posisyon ($\chi^2 = 5.13, p = 0.774$) sapagkat ang kanilang p-values ay mas mataas sa 0.05. Ipinahihwatig nito na ang mga nabanggit na salik ay hindi nagkaroon ng makabuluhang impluwensya sa kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto.



Talahanayan 4

Kaugnayan ng Kasanayan sa Pagtuturo ng Teksto at ang Demographic Profile

Pair of Variables	df	Chi square	P-value	Cramer's V
Kasanayan sa Pagtuturo at ...				
Edad	6	3.71	0.689	0.312
Kasarian	1	1.48	0.274	0.192
Edukasyon	3	8.63*	0.035	0.483
Karanasan	5	2.48	0.780	0.147
Position	2	5.13	0.774	0.113

Gayunpaman, ipinakita ng resulta na may makabuluhang kaugnayan ang antas ng edukasyon at kasanayan sa pagtuturo ng teksto ($\chi^2 = 8.63$, $p = 0.035$), dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05. Ang Cramer's V na 0.483 ay nagpapakita ng katamtamang lakas ng ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ipinahihiwatig nito na ang mas mataas na antas ng edukasyon ng guro ay maaaring may impluwensya sa kanilang kasanayan sa pagtuturo ng teksto, lalo na sa paggamit ng angkop na estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na bagama't hindi gaanong nakaapekto ang karamihan sa mga demographic na salik, ang antas ng edukasyon ng guro ay isang mahalagang salik na may kaugnayan sa kanilang kasanayan sa pagtuturo ng teksto.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na mahalagang mapalawak ang akademikong paghahanda ng mga guro, partikular sa pamamagitan ng graduate studies at patuloy na propesyonal na pag-unlad. Ang pagkakaroon ng mas mataas na antas ng edukasyon ay maaaring makatulong sa mga guro upang mapalalim ang kanilang kaalaman sa nilalaman ng asignatura at sa mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng teksto.

Bukod dito, ipinapahiwatig din ng resulta na ang edad, kasarian, karanasan, at posisyon ng guro ay hindi pangunahing salik sa paghubog ng kanilang kasanayan sa pagtuturo. Sa halip, ang patuloy na pag-aaral, pagsasanay, at pagpapalawak ng kaalaman ang mas mahalagang salik upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo ng teksto. Dahil dito, mahalagang hikayatin ng mga institusyong pang-edukasyon ang mga guro na magpatuloy sa mas mataas na antas ng pag-aaral at dumalo sa mga pagsasanay o seminar upang higit na mapahusay ang kanilang kasanayan sa pagtuturo.

Sinusuportahan ng mga pag-aaral ang kahalagahan ng antas ng edukasyon ng guro sa kanilang kakayahan sa pagtuturo. Ayon kina Darling-Hammond, Hyler, at Gardner (2017), ang mas mataas na antas ng edukasyon at propesyonal na pagsasanay ng guro ay may malaking kontribusyon sa kanilang kakayahan sa paggamit ng epektibong estratehiya sa pagtuturo at sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon naman kina Guskey at Yoon (2021), ang patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro, kabilang ang graduate studies at mga pagsasanay, ay mahalagang salik upang mapahusay ang kanilang pedagogical skills at kakayahan sa pagtuturo. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina **OECD (2020)** na ang mga gurong may mas mataas na antas ng edukasyon at mas maraming oportunidad sa professional development ay mas nagkakaroon ng kakayahan sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo at pagtataya sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 5

Kaugnayan ng antas ng seryoso na suliranon sa pagturo at kahusayan sa Pagturo

Pair of Variables	df	Chi square	P-value	Cramer's V
Suliranin ng Pagtuturo at ...				
Pagplano	3	4.12	0.249	0.321
Pagestratehiya	3	1.01	0.801	0.159
Pagkonteksto	3	4.12	0.249	0.321
Pagtataya	3	5.01	0.171	0.354

Ipinapakita sa talahanayan ang pagsusuri sa kaugnayan ng antas ng kaseryosohan ng mga suliranin sa pagtuturo at kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto, batay sa apat na aspeto ng kahusayan: pagpaplano, paggamit ng estratehiya, pagkonteksto, at pagtataya. Ginamit ang Chi-square test upang matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol.

Batay sa resulta, lumabas na walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng seryosong suliranin sa pagtuturo at kahusayan ng mga guro sa pagpaplano ($\chi^2 = 4.12$, $p = 0.249$), paggamit ng estratehiya ($\chi^2 = 1.01$, $p = 0.801$), pagkonteksto ($\chi^2 = 4.12$, $p = 0.249$), at pagtataya ($\chi^2 = 5.01$, $p = 0.171$) sapagkat ang lahat ng p-values ay mas mataas sa 0.05. Ipinahihiwatig nito na ang antas ng mga suliraning nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ay hindi nagkaroon ng makabuluhang epekto sa kanilang kahusayan sa pagtuturo ng teksto.

Bagama't walang makabuluhang ugnayan, ipinapakita ng Cramer's V values na may mahina hanggang katamtamang lakas ng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Ang pinakamataas na ugnayan ay makikita sa pagtataya ($V = 0.354$) at pagpaplano at pagkonteksto ($V = 0.321$), na nagpapahiwatig na maaaring may bahagyang impluwensya ang mga suliranin sa ilang aspeto ng pagtuturo, bagama't hindi ito estadistikong makabuluhan. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na kahit may mga suliraning nararanasan ang mga guro sa pagtuturo ng teksto, nagagawa pa rin nilang mapanatili ang kanilang kahusayan sa pagpaplano, paggamit ng estratehiya, pagkonteksto, at pagtataya sa pagtuturo.



Mga Hamong Napagdaanan ng Guro sa Pagtuturo ng Teksto

Isa sa pinakakaraniwang hamon na binanggit ng mga kalahok ay ang kakulangan sa mga kagamitang Pampagtuturo. Bagamat may mga digital na kopya ng *Lesson Exemplars at Worksheets*, marami rin sa mga guro ang hirap sa mga kagamitang pangprinta kaya ito ay kanilang itinuturing na malaking hamon upang mapalawak at mapadali ang kanilang pagtuturo ng teksto. Ayon kina Gagne, Robert M. at Briggs (2019), ang sapat at angkop na kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong sa mas malinaw at makabuluhang pagkatuto ng mag-aaral. Sa kabilang banda, ang kakulangan ng kagamitan ay maaaring humadlang sa interaktibong pagtuturo ng teksto.

Kabilang sa itinuturing na hamon na nararanasan ng guro sa pagtuturo ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 Kurikulum ay ang kulang ang oras sa pagtuturo. Sa ilalim ng *DepEd Order No. 012, s. 2024*, may inilalaang 45 minutos bawat araw sa asignaturang Filipino, na ayon sa ilang mga guro ay hindi sapat ang pinaikling oras sa pagtuturo ng mga aralin. Dahil sa limitadong oras, nahihirapan ang mga guro na maipaliwanag nang lubos ang mga aralin at matapos ang mga kinakailangang Gawain. Ang kakulangan sa oras ay maaaring humahadlang sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong tinnuturo.

At nabatid din sa pag-aaral na ito ang hamong kinaharap ng mga guro kaugnayan sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral, tulad ng mabagal na pag-unawa sa aralin at kakulangan ng interes sa asignaturang Filipino. Ilan sa mga guro ang nagpapatunay na mas mababa ang interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng tekstong nasa wikang Filipino kaysa Ingles. Ayon kina Tomlinson, Carol A. at Imbeau (2019), ang kakulangan sa kasanayan at mababang motibasyon ng mag-aaral ay maaaring makaapekto sa kanilang pakikilahok at pag-unawa. Ito ay malaking hamong kailangang tugunan ng mga guro sa pamamagitan ng mga pedagohikal na pagdulog, tulad ng paggamit ng mga interaktibo at makabuluhang gawain upang maiangat ang interes at mahasa ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto.

Suportang Ibig na Matamo ng mga Guro

Pinakamadala na binanggit ng mga kalahok ang pangangailangan ng sapat na kagamitan pampagtuturo upang mas maging epektibo ang pagtuturo ng teksto. Nababanggit din ang pagkakaroon sana ng mga kagamitang maaaring ipapamigay kung saka-sakaling may mga hindi inaasahang pagsuspendi ng pasok dulot ng bagyo o ano pa man. Ayon kina Belisario at Paglinawan (2025), ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo ay nakaapekto sa pakikilahok ng mag-aaral at sa resulta ng pagkatuto. Nagpapatunay lamang sa kahalagahan ng sapat at akmang kagamitan sa pagtuturo ng teksto.

Isa ring mahalagang suportang nais matamo ng mga guro ay ang patuloy na pagsasanay at seminar upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo. Binanggit ni Ingersoll (2018) na ang kakulangan sa ganitong uri ng suporta ay maaaring humantong sa mababang kahusayan sa pagtuturo. Natuklasan na tunay na mahalaga ang mga pagsasanay na lubhang makakatulong sa propesyunal na pag-unlad ng guro.

Lumabas din sa pagsusuri na mahalaga para sa mga guro ang pagkakaroon ng malinaw na gabay, mentoring, at organisadong balangkas ng mga aralin upang mas madali nilang maipatupad ang kurikulum. Ang pag-alalay sa mga pangangailangan ng guro mula sa kagawaran ay mahalagang salik upang maging madali ang proseso ng pagtuturo ng teksto sa ilalim ng Revised Kto10 Kurikulum.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay nagpapakita ng propesyonal na kakayahan at kakayahang umangkop sa kabila ng mga hamon sa pagtuturo. Ipinapakita nito na kahit may mga suliraning nararanasan sa pagtuturo ng teksto, nagagawa pa rin ng mga guro na ipagpatuloy ang epektibong pagtuturo sa pamamagitan ng kanilang kaalaman, karanasan, at kasanayan sa pedagogical strategies.

Gayunpaman, mahalaga pa ring matugunan ang mga suliranin sa pagtuturo upang higit pang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Ang pagbibigay ng sapat na kagamitang pampagtuturo, mga pagsasanay para sa mga guro, at suporta mula sa pamunuan ng paaralan ay maaaring makatulong upang higit pang mapahusay ang kanilang kahusayan sa pagtuturo ng teksto. Bukod dito, ang patuloy na propesyunal na pag-unlad ng mga guro ay mahalaga upang matulungan silang makahanap ng mas epektibong paraan sa pagharap sa mga hamon sa pagtuturo.

Sinusuportahan ng ilang pag-aaral ang ideya na ang kahusayan ng guro sa pagtuturo ay hindi lamang nakabatay sa mga hamon o suliraning nararanasan sa paaralan. Ayon kina Darling-Hammond, Hyler, at Gardner (2017), ang epektibong guro ay may kakayahang umangkop at gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo kahit sa harap ng mga hamon sa kapaligiran ng paaralan. Ayon naman kay Hattie (2018), ang kalidad ng pagtuturo ng guro ay isa sa pinakamahalagang salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral, at ang mga gurong may mataas na antas ng pedagogical knowledge ay nakapagpatuloy ng epektibong pagtuturo kahit may mga limitasyon sa kapaligiran ng paaralan.

Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina OECD (2020) na ang propesyonal na kakayahan ng guro, kabilang ang kanilang kaalaman sa pagtuturo, estratehiya, at pagtataya, ay mahalagang salik upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon kahit may mga hamon sa sistema ng edukasyon.

Konklusyon

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, natuklasan na ang mga guro ay nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan sa pagtuturo ng teksto, partikular sa mga aspeto ng pagpapalano, paggamit ng estratehiya, pagkonteksto, at pagtataya, na pawang nailarawan bilang *lubhang magaling*. Ipinapahiwatig nito na ang mga guro ay may sapat na kakayahan sa paggamit ng iba't ibang pamamaraan at estratehiya upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng teksto. Gayunpaman, ipinakita rin ng pag-aaral na ang mga guro ay nakararanas ng lubhang seryosong antas ng mga suliranin sa pagtuturo ng teksto, partikular sa limitadong oras sa pagtuturo at kakulangan ng kagamitang pampagtuturo. Ipinapahiwatig nito na bagama't may mataas na kasanayan ang mga guro, may mga hamon pa ring nararanasan na maaaring makaapekto sa pagiging mas epektibo ng kanilang pagtuturo.

Sa pagsusuri ng kaugnayan ng kasanayan sa pagtuturo at demographic profile, natuklasan na walang makabuluhang kaugnayan ang edad, kasarian, karanasan sa pagtuturo, at posisyon sa kasanayan sa pagtuturo ng teksto. Gayunpaman, lumabas na may makabuluhang kaugnayan ang antas ng



edukasyon ng guro at ang kanilang kasanayan sa pagtuturo ng teksto, na nagpapahiwatig na ang mas mataas na antas ng edukasyon ay maaaring makatulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo.

Samantala, ipinakita rin ng pagsusuri na walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kaseryosohan ng mga suliranin sa pagtuturo at ang kahusayan sa pagtuturo ng teksto. Ipinahihiwatig nito na kahit may mga suliraning nararanasan ang mga guro, nagagawa pa rin nilang mapanatili ang kanilang kahusayan sa pagtuturo sa pamamagitan ng kanilang karanasan, kaalaman, at dedikasyon sa propesyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang mga guro ay may mataas na antas ng kahusayan sa pagtuturo ng teksto, ngunit kinakailangan pa ring matugunan ang ilang mga hamon sa pagtuturo upang higit pang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Mga Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iminungkahi:

1. **Para sa mga guro**, mahalagang ipagpatuloy ang pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagdalo sa mga seminar, pagsasanay, at patuloy na pag-aaral upang higit pang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng teksto.
2. **Para sa mga administrador ng paaralan**, inirekomenda ang pagbibigay ng sapat na suporta sa mga guro, kabilang ang pagkakaloob ng mga kagamitang pampagtuturo at pag-organisa ng mga programang pangpagsasanay upang matulungan ang mga guro sa kanilang pagtuturo.
3. **Para sa mga tagapagplano ng kurikulum**, maaaring suriin ang alokasyon ng oras sa pagtuturo ng mga aralin upang matiyak na may sapat na panahon ang mga guro sa masusing pagtalakay at pagsusuri ng mga teksto.
4. Inirekomenda ng mananaliksik na gamitin ang output sap ag-aaral upang madagdagan ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng teksto- Binabasa, Biswal at Multimodal sa Revised Kto10 Kurikulum.

Awtput

School Based INSET Program on Enhancing Teachers' Competence School Year 2026-27						
TRAINING MATRIX						
DAY 1	SESSION TYPE	TOPIC	KEY CONTENT	STRATEGY/ACTIVITY	FACILITATOR	EXPECTED OUTPUT
	Plenary Session (All Teachers)	Opening Program and Orientation	Overview of INSET program and objectives	Opening Remarks and Orientation	School Head	Participants oriented on the goals of the training
		Understanding Text-based instruction of Revised Kto10 Curriculum	Importance of Text-based learning across discipline	Lecture Discussion	Master Teacher	Increased Awareness on Text-Based Instruction
DAY 2	Breakout Session (Filipino Teachers)	Pag-unawa sa Iba't ibang Uri ng Teksto	Mga Teksto sa Iba't Ibang Panahon	Talakayan at pagbabahaginan ng karanasan ng guro sa pagtuturo ng iba't ibang teksto sa bawat panahon	Subject Area Coordinator	Mas malinaw nap ag-unawa sa iba't ibang teksto sa bawat panahon
	Workshop	Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Taksto sa Filipino	Pagpapakita at pagsasanay sa iba't ibang pamamaraang pampagtuturo	Pangkatang Gawain at workshop	Tagapagdalo	Balangkas ng banghay aralin na gumagamit ng iba't ibang estratehiya
DAY 3	Breakout Session	Integrasyon ng Multimodal na Pagkatuto	Paggamit ng Biswal, audio at digital na kagamitan sa pagtuturo	Demonstrasyon at hand-on na gawain	ICT Coordinator	Halimbawa ng multimodal na Gawain
	Workshop	Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo	Pagdidisenyo ng kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo	Kolaboratibong workshop	Tagapagdalo	Mga kagamitang pantulong na maaaring gamitin sa klase
DAY 4	Breakout Session	Estratehiya sa pagtataya sa pagkatuto ng Mag-aaral	Pagbuo ng rubriks, performance task, at iba pang kasangkapan sa pagtataya	Lecture-Workshop	Guro Sa Filipino	Rubrik para sa pagtuturo sa teksto



	Demonstration Session	Demonstration Teaching sa Pagtuturo ng Taksto	Paglalatap ng mga estratehiyang natutuhan sa aktwal na pagtuturo	Demo Teaching at peer observation	Piling guro	Pinahusay ang estratehiya sa pagtuturo
DAT 5	Breakout Session	Paggawa ng sariling Teaching Development Plan	Pagpapaliwanag at paglalapat ng Teaching Development plan batay sa resulta ng pananaliksik	Guided planning workshop	Mananaliksik tagapagdalo y	Personal na action plan ng mga guro
	Closing Session	Reflection and Synthesis	Sharing of Insights and Implementation Plans	Reflection and synthesis	School Head Teachers	Commitment on the Implementation
EVALUATION						

TEACHING DEVELOPMENT PLAN SCHOOL YEAR 2026-27				
NAME OF SCHOOL: DUMANJUG NATIONAL HIGH SCHOOL				
DISTRICT: DUMANJUG I				
Layunin:	Ang layunin ng TDP na ito ay mapabuti ang kasanayan ng mga guro sa epektibong pagtuturo ng teksto sa pamamagitan ng: <ol style="list-style-type: none"> Paglalaan ng sapat at organisadong oras para sa bawat uri ng teksto. Pagbibigay ng angkop na kagamitang pampagtuturo at akses sa mga digital resources. Pagpapagiting ng propesyonal na kasanayan sa pamamagitan ng seminar, workshop, at pagsasanay sa pagtataya ng teksto. Pagsusulong ng mas mataas na interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng student-centered at multimodal strategies. Pagpapalakas ng suporta at koordinasyon mula sa pamunuan upang matiyak ang epektibong implementasyon ng pagtuturo.			
HAMON/AGWAT	ESTRATEHIYA SA PAGPAPAUNLAD	INAASAHANG BUNGA	MONITORING AT EBALWASYON	RESOURCES NEEDED
Limitadong oras sa pagtuturo ng teksto	-Pag-align ng banghay aralin upang mabigyan ng sapat na oras ang paglinang sa kasanayang kakailanganin sa pagsusuri ng iba't ibang teksto -Pagtuturo ng epektibong paggamit ng oras sa pagtalakay sa teksto	Mas organisado at maayos na pamamahagi ng oras sa pagtuturo at mas malinaw na pagtatalakay at pagsusuri sa teksto	Classroom Observation; rebyu ng banghay aralin; reflection logs	-
Kakulangan ng kagamitang pampagtuturo	Paglikha at pagbibigay ng sapat at lokalisadong mga kagamitang pampagtuturo (Biswal, worksheets, printed modules, mga nakahandang PPT's) na naaayon sa antas at kakayanan ng mga mag-aaral	-Mas malinaw at makabuluhang pagtuturo ng teksto. - Mas epektibong pag-unawa ng mga mag-aaral. -Maging madali ang paglipat sa ADM o Alternative Delivery Mode sa panahong hindi maisasagawa ang mga <i>in person</i> na pamamaraan ng pagkatuto.	Classroom Observation; ebalwasyon sa paggamit ng kagamitang pagpamtuturo	MOOE -Bond Papers -printer -ink
Kakulangan ng Propesyunal na Pagsasanay	Pagsasagawa ng komprehensibong seminar at workshops sa epektibong pagtuturo at pagtataya ng iba't ibang teksto	-Mas mataas na antas ng kasanayan ng guro sa pagtuturo at pagtataya ng teksto	Sariling pagtataya ng guro; classroom demonstration; mga ebalwasyon pagkatapos ng seminar o pagsasanay	MOOE
Mababang interes ng mga mag-aaral	-Paggamit ng mga interactive na estratehiya katulad ng group discussion, gamification, at iba pa na angkop sa panahon, edad at interes ng mga mag-aaral	Mas mataas na interes at aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa pagbasa at pagsusuri ng teksto	Obserbasyon ng pakikipalahok ng mag-aaral sa kalse; participation logs na may lagda sa magulang	MOOE -Stable Internet Connection



	-Pagsama ng mga multimodal na mga Gawain (Biswal, audio, vedio, kinesthetic at iba pa)			
Limitadong suporta mula sa pamunuan	-Seryosong isasagawa ang LAC o Learning Action Cell sa tuwing ikatlong Biyernes ng buwan upang maihayag ang mga pangangailangang teknikal at matugunan ng pamunuan -Magsagawa ng Mentoring sa mga gurong nangangailangan	-Mas malinaw na koordinasyon sa paaralan - Mas maayos na suporta mula sa pamunuan _Malinang ang kompyansa sa sarili ng mga guro at matulungan ang mga nangangailangan ng mentoring at suportang teknikal	Katitikan ng mga Pulong; Pagsubaybay at suporta sa pamunuan; pagsusuri sa mga guro	MOOE

SANGGUNIAN

- Cabansag, J. N., & Ocampo, A. L. (2020). *Pedagogical strategies in literature teaching and student comprehension: A case of senior high school teachers*. International Journal of Educational Management and Development Studies, 1(1), 45–58. <https://doi.org/10.53378/345671>
- Castro, C. N., Tarrayo, V. N., & Tupas, T. R. F. (2019). *Multimodality in Philippine senior high school classrooms: Pedagogic potentials and challenges*. Asia Pacific Journal of Education, 39(3), 377–392. <https://doi.org/10.1080/02188791.2019.1632214>
- Department of Education. (2024). *MATATAG Curriculum Guide (Draft)*. Department of Education, Philippines.
- Darling-Hammond, L., Flook, L., Cook-Harvey, C., Barron, B., & Osher, D. (2020). Implications for educational practice of the science of learning and development. *Applied Developmental Science, 24*(2), 97–140.
- Darling-Hammond, L., Hyler, M. E., & Gardner, M. (2017). *Effective teacher professional development*. Palo Alto, CA: Learning Policy Institute.
- Guskey, T. R., & Yoon, K. S. (2021). What works in professional development. *Phi Delta Kappan, 102*(7), 8–13.
- Guthrie, J. T., Klauda, S. L., & Ho, A. N. (2022). Modeling the relationships among reading instruction, motivation, engagement, and achievement for adolescents. *Reading Research Quarterly, 57*(2), 453–471.
- Hadwin, A. F., Järvelä, S., & Miller, M. (2018). Socially shared regulation of learning. In D. H. Schunk & J. A. Greene (Eds.), *Handbook of self-regulation of learning and performance* (2nd ed., pp. 83–106). Routledge.
- Hattie, J. (2018). *Visible learning: A synthesis of over 800 meta-analyses relating to achievement*. London: Routledge.
- Kim, Y. S. G., Quinn, J. M., & Petscher, Y. (2021). The role of teacher professional development in improving literacy instruction. *Educational Psychology Review, 33*(4), 1645–1665.
- Koehler, M. J., Mishra, P., & Cain, W. (2018). Learning technology by design. *Journal of Computing in Higher Education, 30*(3), 529–553. <https://doi.org/10.1007/s12528-018-9179-0>
- Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). (2020). *TALIS 2018 results (Volume II): Teachers and school leaders as valued professionals*. Paris: OECD Publishing.
- Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). (2023). *Teaching and learning international survey (TALIS): Supporting teachers and school leaders*. OECD Publishing.
- Philippine Institute for Development Studies. (2020). *Process Evaluation of the K to 12 Program: Curriculum and Instruction Delivery*. <https://pidswebs.pids.gov.ph/CDN/PUBLICATIONS/pidsdps2010.pdf>
- Republic Act No. 10533. (2013). *An Act Enhancing the Philippine Basic Education System by Strengthening Its Curriculum and Increasing the Number of Years for Basic Education*. Official Gazette of the Republic of the Philippines. <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- Serafini, F., & Reid, S. (2019). *Multimodal literacies in the secondary English classroom: Pedagogies*.
- Belisario, J. M., & Paglinawan, J. L. (2025). *The relationship between instructional materials availability and student engagement in science*. International Journal of Research and Innovation in Applied Science (IJRIAS).